# Whistleblower Policy (Patakaran ng Tagapag-sumbong)

## (Patakaran sa Pag-uulat at Pag-iimbestiga sa mga Alegasyon ng Hinihinalang Hindi Tamang mga Gawain ng Pamahalaan)

| | |
|---|---|
| **Opisyal na may Pananagutan:** | SVP - Chief Compliance & Audit Officer |
| **Tanggapang may Pananagutan:** | EC - Ethics, Compliance & Audit Services |
| **Petsa ng Pagpapalabas:** | 1/1/2012 |
| **Petsa ng Bisa:** | 1/1/2012 |
| **Sakop:** | Ang mga empleyedo at iba pa ay hinihikayat na gamitin ang patnubay na narito sa patakarang ito para sa pag-uulat ng lahat ng alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain ng pamahalaan. Bagama’t ang saklaw ng patakaran na ito ay nilalayon na ilimita lamang sa legal na depinisyon ng hindi wastong gawain ng pamahalaan, seryoso o sapat na paglabag sa patakaran ng University na maaaring bumuo ng mga hindi tamang gawain ng pamahalaan na nalalaman sa pamamagitan ng pagsusuri o imbestigasyon.<br><br>Pinapamahalaan ng patakaran na ito ang pag-uulat at imbestigasyon ng mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain ng pamahalaan, at kasama ng *Whistleblower Protection Policy,* ay kumakatawan sa pagsasakatuparan ng mga patakaran para sa *California Whistleblower Protection Act* (Seksyon 8547- 8547.12 ng Government Code). |

| | |
|---|---|
| **Kontak:** | John Torres |
| **Posisyon:** | Direktor ng Imbestigasyon |
| **Email:** | john.torres@ucop.edu |
| **Telepono #:** | (510) 987-0480 |

**Kung mayroong mga pagkakaiba sa pagitan ng Tagalog at Ingles na bersyon, ang Ingles na binago noong Enero 1, 2012 ang mananaig.**

## I. BUOD NG PATAKARAN

Ang University of California ay may pananagutan para sa pangangasiwa ng mga mapagkukunan ng University at ng pampubliko at pampribadong suporta upang

maisagawa nitong ipagpatuloy ang kaniyang misyon. Ang University ay tapat sa pagsunod sa mga batas at regulasyon kung saan ito ay sakop at palaganapin ang mga patakaran at pamamaraan ng University upang ipaliwanag at gamitin ang mga batas at regulasyon na ito sa University na kalikasan. Ang mga batas, regulasyon, patakaran at mga pamamaraan ay nagpapalakas at nagtataguyod ng mga etikal na kagawian at etikal na pagtrato sa mga miyembro ng komunidad ng University at sa mga nagsasagawa ng negosyo kasama ng University.

Ang mga internal na pamamahala ng University at mga pamamaraan ay nilalayon na alamin, iwasan o pigilan ang mga hindi tamang gawain. Subali't, kahit ang mga pinakamabuting sistema ng pamamahala ay hindi makapagbibigay ng ganap na proteksyon laban sa mga iregularidad. Ang sinasadya at hindi sinasadyang paglabag sa batas, regulasyon, patakaran at pamamaraan ay maaaring mangyari at maging dahilan ng hindi tamang mga gawain sa pamahalaan gaya ng natukoy ng batas (tingnan ang "Mga Pakahulugan"). Ang University ay may responsibilidad na imbestigahan at iulat sa mga angkop na partido ang mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan at mga aksyon na ginawa ng University.

Ang patakaran na ito ay hindi pundamental na binabago ang responsibilidad sa pagsasagawa ng mga imbestigasyon subalit naglilinaw ng normal na mga interest ng nasasakupan. Ang mga indibidwal na karaingan at reklamo tungkol sa mga tuntunin at kondisyon ng pagtatrabaho ay patuloy na susuriin ayon sa angkop na pang-akademiya at pangkawaning mga patakaran o mga kasunduan sa kolektibong pakikipagtawaran. Anumang mga alegasyon ng mga hindi tamang gawain ng pamahalaan na maaaring magresulta sa mga kasunod na aksyon na maaaring magbunga ng mga pangdisiplinang pagsasakdal laban sa mga miyembro ng akademiko o kawani ay dapat na ikoordina sa mga angkop na mga patakaran sa asal at pagdisiplina ng mga akademiko o kawani. Sa lahat ng pagkakataon, mananatili ang kaukulang karapatan sa University na alamin kung ang mga pangyayari ay maaaring mangailangan ng imbestigasyon at, sang-ayon sa patakarang ito at mga angkop na batas at regulasyon, ang angkop na proseso ng pag-iimbestiga na gagamitin.

## II. MGA PAKAHULUGAN

### A. Mapagkukunan ng University

Para sa layunin ng patakarang ito, ang terminong *mapagkukunan ng University* ay pinakahulugan na kasama ang, subalit hindi limitado sa mga sumusunod, pag-aari o nasa ilalim ng pamamahala ng University o hindi:

- Mga salapi at iba pang ari-arian, nahahawakan man o hindi, totoo o personal na pag-aari;
- Mga matatanggap at iba pang mga karapatan o paghahabol laban sa mga ikatlong partido;
- Mga karapatan sa pang-intelektwal na pag-aari;
- Mga pagsusumikap ng mga kawani ng University at sinumang hindi

kaugnay sa University na entidad na sumisingil sa University para sa kanilang pagtatrabaho;
- Mga pasilidad at ang karapatan na gamitin ang mga pasilidad ng University;
- Ang pangalan ng University; at
- Mga tala ng University, kabilang na ang mga tala ng mga estudyante at pasyente.

**B. Hindi Wastong mga Gawain ng Pamahalaan**

Ayon sa Seksyon 8547.2 (c) ng California Government Code, ang *hindi wastong gawain sa pamahalaan* ay nangangahulugang:

> isang gawain ng isang ahensyang pang-estado o ng isang empleyado na isinagawa habang gumaganap ng tungkulin ng empleyado, isinagawa saloob ng isang pang-estadong tanggapan, o, kung isinagawa ng empleyado sa labas ng pang-estadong tanggapan, direktang may ugnayan sa pamahalaang ng estado, kung ang gawain ay sakop o hindi ng kanyang trabah, at ito ay (1) isang paglabag sa anumang batas o regulasyon ng estado o pederal, kabilang, subalit hindi limitado sa, korapsyon, pagkakasala, panunuhol, pagnanakaw ng pamimilit, malisyosong pag-uusig, maling paggamit ng ari-arian ng gobyerno, o (2) paglabag sa Ehekutibong utos ng Governor, isang Batas ng Korte sa California, o anumang patakaran o pamamaraan na iniatas ng Administratibong Manwal ng Estado (State Administrative Manual) o Manwal sa Kontrata ng Estado (State Contracting Manual), o (3) isang pang-ekonomiyang pagwawaldas, nasangkot sa isang lubhang masamang pagkilos, walang kakayahan, o hindi pagiging epektibo.

**C. Protektadong Paglalahad**

Ayon sa Seksyon 8547.2 (e) ng California Government Code, ang *protektadong paglalahad* ay nangangahulugang:

> isang matapat na pagsisikap na komunikasyon, kabilang ang isang komunikasyon batay sa, o kung ginagawa ang trabaho, na nagpapaalam o nagpapakita ng intensyon na ilahad ang impormasyon na maaaring magpakita ng (1) hindi tamang gawain sa pamahalaan o, (2) isang kondisyon na maaaring magbanta sa kalusugan o kaligtasan ng mga empleyado o publiko kung ang paglalahad o ang intensyon ng paglalahad ay ginawa para remedyuhan ang kondisyon na iyon.

**D. Ilegal na Kautusan**

Ayon sa Seksyon 8547.2 (b) ng **California Government Code**, ang *ilegal na kautusan* ay nangangahulugang:

isang kautusan upang labagin o tumulong sa paglabag ng pederal, pang-estado o lokal na batas, patakaran, o regulasyon, o isang kautusan na magtrabaho o magsanhi sa iba na magtrabaho sa mga kondisyon na labas sa kanilang tungkulin na hindi makatwirang magbabanta sa kalusugan o kaligtasan ng mga empleyado o publiko.

### E. Tagapag-sumbong

Isang tao o entidad na gumagawa ng protektadong paglalahad ay karaniwang tinatawag na tagapag-sumbong. Ang mga tagapag-sumbong ay maaaring empleyado ng University (akademiko o kawani), mga aplikante para sa trabaho, estudyante, pasyente, tagapagtinda, kontratista o pangkalahatang publiko. Ang papel ng tagapag-sumbong ay bilang isang tagapag-ulat na partido. Hindi sila mga imbestigador o tagahanap ng katotohanan, hindi rin nila tutukuyin ang angkop na pagtatama o panlunas na aksyon na maaaring kailanganin.

### F. Locally Designated Official (LDO)

Ang taong destinado sa bawat campus, Lawrence Berkeley National Laboratory, Office of the President at ang Division of Agriculture and Natural Resources na gumaganap bilang opisyal na may pangunahing responsibilidad na tumanggap ng mga ulat ng alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan.

## III. TEKSTO NG PATAKARAN

### 1. Pag-uulat ng mga Alegasyon ng Hinihinalang Hindi Tamang mga Gawain ng Pamahalaan

### A. Pagsasampa ng Ulat

1. Ang sinuman ay maaaring magulat ng mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain ng pamahalaan. Ang kaalaman o hinala ng mga hindi tamang gawain ng pamahalaan ay maaaring manggaling sa mga akademikong tauhan, kawani o administrador na nagsasagawa ng kanilang itinalagang tungkulin, internal o panlabas na mga auditor, tagapagpatupad ng batas, ahensiya ng regulasyon, at mga customer, pasyente, tagapagtinda, estudyante o iba pang mga ikatlong partido. Ang mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain ng pamahalaan ay maaari ring iulat ng anonimo.

2. Ang mga ulat ng mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain ay hinihikayar na gawin ng nakasulat upang masiguro ang malinaw na pag-unawa sa mga isyung isinuplong, subalit maaari ring gawin ng pasalita. Ang ganitong mga ulat ay dapat na makatotohanan keysa kuro-kuro o pagpapalagay, at dapat na maglaman ng mga ispesipikong impormasyon hangga’t maaari upang mapahintulutan ang tamang pagtatasa sa kalikasan,

lawak, o pangangailangan ng madaling pagkilos ng paunang proseso sa pag-iimbestiga.

3. Inirerekomenda ng University na gawin sa LDO ang anumang ulat ng mga tao na hindi empleyado ng University. Ang ganitong mga ulat ay maaari ring gawin sa ibang opisyal ng University kung saan ang taong nag-uulat ay makatwirang inaasahan na ito ay may responsibilidad sa apektadong larangan o awtoridad na suriin ang mga hinihinalang hindi tamang gawain ng pamahalaan sa ngalan ng University.

4. Karaniwan, ang ulat ng isang empleyado ng University nang mga algasyon ng hinihinalang mga hindi wastong gawain ng pamahalaan ay dapat na gawin sa kagyat na supervisor ng taong nag-uulat o sa iba pang angkop na administrador o supervisor sa loob ng unit ng operasyon (gaya ng puno supervisor ng unit), o sa LDO. Subalit, sa interes ng pagkakumpidesyal, kung mayroong potensyal na salungatan, o para sa iba pang mga dahilan, ang ganitong mga pag-uulat ay maaaring gawin sa ibang opisyal ng University kung saan ang nag-uulat na empleyado ay makatwirang inaasahan na may responsibilidad sa apektadong larangan o awtoridad na suriin ang mga hinihinalang hindi tamang gawain ng pamahalaan sa ngalan ng University. Kapag kabilang sa mga hinihinalang hindi tamang mga gawain ang Chancellor, Laboratory Director, Vice President—Agriculture and Natural Resources, ang LDO o ang supervisor ng LDO, ang mga ganitong ulat ay dapat na ginagawa sa Systemwide LDO na may kopya sa Direktor ng Imbestigasyon (Director of Investigations, DOI) at sa Senior Vice President/Chief Compliance and Audit Officer of the Regents (SVP-CCAO) sa Tanggapan ng Presidente. Kung kabilang sa hinihinalang hindi wastong mga gawain ang Systemwide LDO o ang Presidente, ang ulat ay dapat na gawin sa SVP-CCAO.

5. Kapag nag-uulat ang tao ng mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain ng pamahalaan sa mga angkop na awtoridad, ang ulat ay tinatawag na *protektadong paglalahad.* Ang mga karapatan ng mga empleyado ng University at mga aplikante para sa pagtatrabaho kapag nagsasagawa ng protektadong paglalahad ay sakop ng *Whistleblower Protection Policy.*

6. Lahat ng mga empleyado ng University, at lalo na ang sinumang akademiko o kawaning empleyado na nasa pang superbisor na tungkulin, ay dapat na alamin at maging alerto sa parehong pasalita at pasulat, pormal at hindi pormal na pakikipag-ugnayan na maaaring bumuo ng ulat ng alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan.

7. Sa ilalim ng *California Whistleblower Protection Act*, ang mga ulat ng alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan ay maaaring gawin sa Auditor ng Estado. Sa ilalim ng batas na ito, ipinagbabawal ng Auditor ng Estado ang paglalahad ng pagkakakilanlan ng

tagapag-sumbong maliban na lamang kung siya ay makakuha ng pahintulot mula sa tagapag-sumbong, o kung ang paglalahad ay sa isang ahensiya ng tagapagpatupad ng batas na nagsasagawa ng imbestigasyon.

## B. Pag-uulat sa LDO

1. Bawat campus, Lawrence Berkeley National Laboratory, Office of the President at ang Division of Agriculture and Natural Resources ay magtatalaga ng opisyal na may pangunahing responsibilidad na tumanggap ng mga ulat ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan (ang LDO).

2. Ang mga manager, administrador at mga kawani na nasa pangsuperbisor na tungkulin na tumatanggap ng mga ulat ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan ay dapat na siguraduhin na ang isyu ay agad na maiuulat sa kanilang mga superbisor, isang angkop na manager ng University at/o LDO. Ang mga empleyadong ito ay inatasan na magsagawa ng angkop na paghahatol sa pagtukoy kung aling mga isyu ang maaaring suriin sa ilalim ng kanilang awtoridad at alin ang dapat na isangguni sa mas mataas na lebel ng pangangasiwa o ng LDO. Sa pagkonsulta sa mga supervisor, ang LDO o ang iba pang angkop na pangangasiwa ng University ay hinihikayat at ang paggamit ng paghahatol ay dapat na pumanig sa pag-uulat pataas. Ang mga pasalitang ulat ay dapat na karaniwang dapat na idokumento ng supervisor sa pamamagitan ng nakasulat na pagsasalin ng pasalitang ulat, ang internal na komunikasyon ukol sa mga mga ulat ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaanay karaniwang nakasulat.

3. Ang mga manager, administrador at mga kawani na nasa pangsuperbisor na tungkulin ay dapat na mag-ulat sa LDO ng anumang hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaanay karaniwang nakasulat- kung natanggap man ito bilang isang protektadong paglalahad, iniulat ng kanilang mga tauhan sa ordinaryong paraan ng pagganap ng kanilang tungkulin, o napag-alaman habang ginagawa nila ang kanilang sariling tungkulin- kung ang anuman sa mga sumusunod na kondisyon ay nakamit:

    a) Ang isyu ay resulta ng isang makabuluhang kakulangan sa internal na pagkontrol o patakaran na maaari ring makita sa ibang mga unit sa loob ng institusyon o sa kabuuan ng sistema ng University;

    b) Ang isyu ay maaaring makatanggap ng atensyon ng media o ibang publiko;

    c) Kabilang sa isyu ang maling paggamit ng mga mapagkukunan ng University o maging sanhi ng paglalantad sa isang pananagutan na may potential na malaking halaga;

d) Kabilang sa isyu ang mga alegasyon o pangyayari na may malaking posibilidad na maging resulta ng isang kriminal na gawain (gaya ng pagkawala ng pera);

e) Kabilang sa isyu ang malaking banta sa kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado at/o publiko; o

f) Ang isyu ay hinatulan bilang seryoso o sensitibo dahil sa ibang mga kadahilanan.

## C. Pag-uulat sa Office of the President at iba pa

1. Ang LDO ay may pangunahing responsibilidad na makamit ang mga kinakailangan sa Office of the President at lokal na nakakataas na pangasiwaan. Ang LDO ay dapat na komunsulta sa mga miyembro ng Investigations Workgroup (tingnan ang Seksyon III.2.B.) kung kinakailangan sa pagtupad sa responsibilidad ng pag-uulat na ito at ipapaalam sa Investigations Workgroup ang anumang mga ulat na ginawa sa Systemwide LDO at DOI. Ang LDO (o ang itinalagang miyembro ng Local Investigations Workgroup – kung mayroon totoo o inaakalang potential na salungat) ay magpapasa ng nakasulat na ulat Systemwide LDO na may kopya sa DOI, General Counsel at Vice President for Legal Affairs (General Counsel), at sa SVP-CCAO tungkol sa anumang mga naiulat na mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan kapag ang alinman sa mga sumusunod na kondisyon ay nakamit:

   a) Ang isyu ay resulta ng isang makabuluhang kakulangan sa internal na pagkontrol o patakaran na maaari ring makita sa ibang mga unit sa loob ng institusyon o sa kabuuan ng sistema ng University;

   b) Ang isyu ay maaaring makatanggap ng atensyon ng media o ibang publiko;

   c) Kabilang sa isyu ang maling paggamit ng mga mapagkukunan ng University o maging sanhi ng paglalantad ng isang pananagutan na hindi bababa sa $25,000;

   d) Kabilang sa isyu ang malaking banta sa kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado at/o publiko;

   e) Ang isyu ay hinatulan bilang seryoso o sensitibo dahil sa ibang mga kadahilanan;

   f) Ang isyu di-umano'y isang hindi tamang gawain ng Chancellor o Laboratory Director, ng LDO, o ng local na Internal Audit Director.

2. Isang kopya ng mga komunikasyon na ipinadala sa Systemwide LDO ang ipapadala sa kani-kaniyang departamento ng UC Police kung batay sa mga alegasyon, lumalabas na ang isang krimen ay maaaring nagawa. Kokonsultahin ang UC Police upang malaman ang angkop na aksyon ukol sa mga pag-iimbestigang ito.

3. Sa ilang mga pagkakataon, kahit na ang alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan ay maaaring iulat sa mga entidad ng pagpopondo o ahensiya ng regulasyon. Mas karaniwan na ang mga resulta ng paunang pag-iimebstiga ay kinakailangang upang tasahin ang mga obligasyon sa pag-uulat sa mga partido sa labas ng University. Ang LDO, sa pakikipagconsulta sa mga pamunuan ng mga apektadong larangan at ang SVP-CCAO ay tutukoy sa kalikasan at tiyempo ng mga ganitong komunikasyon. Alisunod sa Seksyon III.C.1. sa itaas, aabisuhan ang Systemwide LDO, ang DOI at ang SVP-CCAO ng anumang isyu na iniuulat ng mga panlabas na ahensiya (maliban sa mga isyu na palagiang iniuulat sa DOE alinsunod sa kontrata sa Lawrence Berkeley National Laboratory).

4. Ang mga alegasyon ng hinhinalang pagkawala ng pera, securities, at iba pang mga ari-arian ay dapat na iulat sa lokal na tanggapan ng pangangasiwa ng peligro sa oras na malaman ito. Ang Chief Risk Officer, Office of the President ay aabisuhan ng ganitong mga isyu kapag natugunan nila ang mga pamantayan para sa pag-uulat sa Systemwide LDO sa pamamagitan ng kopya ng ganitong mga abiso. Ang Chief Risk Officer ay mag-uulat ng ganitong mga isyu ayon sa mga tuntunin ng anumang mga kontrata sa seguro o kumpanya ng mga bonds.

5. Sa pagkakataon na ang sinuman na may obligasyon na mag-ulat sa ilalim ng patakaran na ito ay naniniwala na mayroong salungat ng interes sa parte ng tao na di-umano’y hinihinalaan ng hindi tamang mga gawain an iuulat, ang susunod na mas mataas na awtoridad ang tatanggap ng ulat.

6. Kadalasang kumpidensyal ang pag-uulat ng mga tagapag-sumbong. Hangga't maaari ayon sa limitasyon ng batas at patakaran at ang pangangailangan na makapagsagawa ng may kakayahang imbestigasyon, ang pagkakumpedensyal ng tagapag-sumbong ay pananatilihin. Ang mga tagapag-sumbong ay dapat na paalalahanan na ang kanilang pagkakakilanlan ay maaaring malaman sa mga kadahilanang wala sa kontrol ng imbestigador o ng mga administrador ng University. Gayundin, ang mga pagkakakilanlan ng (mga) sangkot sa imbestigasyon ay pananatilihing kumpidensyal gamit ang parehong limitasyon

**2. Pag-iimbestiga ng Di-umano'y Hindi Tamang mga Gawain sa Pamahalaan**

A. Ang ilang mga may tungkuling unit sa University ay may responsibilidad na tuwinang magsagawa ng mga imbestigasyon ng ilang uri ng mga alegasyon ng hindi tamang mga gawain sa pamahalaan, kabilang dito ang Compliance, Internal Audit, ang UC Police, Human Resources at ang Academic Personnel Office. Dagdag pa, ang ibang partido sa University ay maaaring masama sa mga imbestigasyon ng mga isyu na batay sa kanilang larangan ng pinapangasiwaang responsibilidad o kasalukuyang kadalubhasaan, halimbawa, kalusugan at kaligtasan ng kalikasan, pangangasiwa ng peligro, administrasyon ng pananaliksik, mga gawaing akademiko, mga opisyal ng pagsunod ng pang-agham na kalusugan, tagapag-ugnay para sa salungat na interes, at iba pa.

B. Bawat lokasyon (campus, Lawrence Berkeley National Laboratory, Office of the President, at ang Division of Agriculture and Natural Resources) ay magtatatag ng Investigations Workgroup upang masiguro ang koordinasyon at tamang pag-uulat ng imbestigasyon. Ang Workgroup ay gumaganap bilang tagapayo na tutulong sa LDO sa pagtasa ng mga nakaplanong aksyong gagawin ng lokasyon kaugnay sa mga alegasyon at imbestigasyon, kasama na ang pagtukoy na may sapat na batayang umiiral para magsimula ng imbestigasyon.

C. Ang LDO ang mamumuno ng Investigations Workgroup. Kabilang sa mga miyembro ng Workgroup ang mga kinatwan mula sa bawat may tungkuling unit na may tuwinang responsibilidad para sa ilang uri ng imbestigasyon (gaya ng Compliance, Internal Audit, UC Police, Human Resources, Risk Management, Office of the General Counsel at ang Academic Personnel Office). Maaaring kasama sa mga karagdagang kinatawan na lokal na tutukuyin ang administrayon ng pananaliksik, mga gawaing akademiko, kontroler ng campus, opsiyal ng pagpapasunod,tagapayo sa campus/laboratoryo at mga kinatawan mula sa anumang ibang larangan kung saan ang imbestigasyon ay palagiang nagaganap ngunit hindi isinasagawa ng mga permanenteng lupon (halimbawa, ang mga partidong nagsasagawa ng imbestigasyon sa mga alegasyong ng mga pagkakamaling siyentipiko). Dagdag pa, ang mga espesyeladong kadalubhasaan ay maaaring kailangan sa mga tanging kaso para sa imbestigasyon ng ilang mga isyu.

D. Kabilang sa mga responsibilidad ng Investigations Workgroup ang:

1. Pagtulong sa LDO na masiguro na ang tamang paraan ng pag-iimbestiga ay magagamit ayon sa angkop na kadulabhasaan at hurisdiksyon.

2. Paniniguro na lahat ng angkop na admnistratibo at nakatataas na opisyal ay napagbigay-alaman ng mga alegasyon kung kinakailangan;

3. Paniniguro na ang angkop na pag-uulat ay magagawa sa Office of the President sa pamamagitan ng nakasulat na komunikasyon sa Systemwide LDO, DOI at sa SVP-CCAO hanggang sa mga ahensiya ng pagpopondo at panregulasyon, mga tagapag-sumbong at iba pang kinakailangan ayon sa patakarang ito;

4. Pagtulong sa LDO na masiguro ang angkop na mapagkukunan at kadalubhasaan ay magagamit upang masiguro ang nasa oras at masusing pag-aaral ng mga ulat ng mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan;

5. Paniniguro na walang mga salungat na interes sa bahagi ng anumang partido na kasama sa mga ispesipikong imbestigasyon;

6. Pag-uugnay at pangunguna sa komunikasyon sa kabuuan ng mga paraan ng pag-iimbestiga kung kinakailangan upang masiguro ang komprehensibong atensyon sa lahat nga bahagi ng isyu;

7. Pagtulong sa LDO sa pagsubaybay sa mga makabuluhang elemento at pagsulong ng mga imbestigasyon upang masiguro na ang mga alegasyon ay matatalakay ng masusi at nasa oras; at

8. Pag-uugnay at pangunguna bilang tagapayo sa mga pagtatama at panlunas na aksyon na maaaring pasimulan ayon sa nauukol na proseso ng asal ng faculty o kawani at pagdidisiplina.

E. Bawat unit na may awtoridad sa pag-iimbestiga ay maaaring magsagawa ng mga gawaing pag-iimbestiga ayon sa angkop na batas at naitatag na proseso ng kanilang disiplina (gaya ng UC Police, Human Resources, Academic Personnel, Compliance, Internal Audit, at iba pa), at mga patakaran at patnubay ng regulasyon (halimbawa mga pagkakamaling siyentipiko ayon sa tuntunin ng Office of Science and Technology Policy [OSTP]).

F. Ang layunin at awtoridad ng Investigations Workgroup ay hindi dapat ipakahulugan para limitahan o ipahinto ang imbestigasyon na isinasagawa nang may sapat na awtoridad na ibinigay ng batas o ng patakaran sa anumang awtoridad ng pag-iimbestiga ng University. Hindi rin binibigyan ang Workgoup ng kapangyarihan na magsimula ng imbestigasyon ng walang sapat na

basehan. Sa halip, ang layunin ng Workgroup ay ang magbigay ng patnubay, payo at/okoordinasyon para sa mga gawaing pag-iimbestiga gaya ng hiniling ng LDO at ang magpasimula ng komunikasyon sa mga angkop na partido gaya ng hiniling ng LDO.

G. Lahat ng empeleyado ng University ay may tungkulin na makiisa sa mga imbestigasyon na pinasimulan sa ilalim ng patakarang ito.

H. Alinsunod sa mga nauukol na mga pangkawaning mga patakaran o mga kasunduan sa kolektibong pakikipagtawaran, ang empleyado ay maaaring ilagay sa isang administratibong pagliban o pag-iimbestigang pagliban, kung naaangkop, kapag napag-alaman ng University na ang ganitong mga pagliban ay magsisilbi sa pinakamabuting interes ng empleyado, University o pareho. Ang ganitong mga pagliban ay hindi dapat ipakahulugan na askusasyon o konklusyon ng pagkakasala o pagkainosente ng sinuman kabilang na ang taong nakaliban. Ang angkop na Academic Personnel o Human Resources Office ay dapat na konsultahin tungkol sa anumang plano na ilagay ang isnag empleyado sa ganitong mga pagliban.

## IV. PAGSUNOD / MGA RESPONSIBILIDAD

### A. Office of the President

1. Ang Systemwide LDO sa tulong ng DOI at ng Office of Compliance and Audit ang may kabuuang responsibilidad sa pagpapatupad ng patakarang ito.
2. Para sa Office of the President, sa Systemwide LDO ay magkakaroon ng parehong mga responsibilidad na nakatalaga sa mga Chancellor sa ilalim ng patakarang ito.
3. Ang President, batay sa mga payo at konsultasyon sa Systemwide LDO, Provost at Executive Vice President—Academic Affairs, the General Counsel, at SVP-CCAO ay makikipag-ugnayan sa mga Regent tungkol sa mga di-umanoy hindi tamang mga gawain sa pamahalaan at resulta ng imbestigasyon sa mga isyung may kabuluhan.
4. Sa pamamagitan ng mga paglalathala ng patnubay administratibong tagubilin, ang Systemwide LDO sa tulong ng DOI ay magbibigay ng patnubay sa mga campus at Lawrence Berkeley National Laboratory sa pagbuo ng mga lokal na pagpapatupad ng proseso. Ang mga proseso at balangkas ay tutukuyin sa lokal na pagpapatupad ng proseso para Whistleblower Policy ng University. Ang mga lokal na prosesong ay dapat na maglaman ng pahayag sa paniimula, seksyon ng layunin o background upang matukoy ang Whistleblower Policy ng University bilang dokumento na nagkokontrol sa polisiya na pumapalit sa anumang iba pang lokal o patakaran ng System kaugnay sa isyung ito. Ang pahayag na ito ay dapat na sabihin gaya ng halimbawa: "Walang nilalaman sa mga lokal na pamamaraan ng pagpapatupad na ito ang

dapat na basahin o ipakahulugan para salungatin ang pinagbabatayang Whistleblower Policy ng University of California." Bawat lokasyon ay dapat na magpasakop sa Systemwide LDO, DOI, at sa SVP-CCAO para sa pag-aaral at pag-apruba ng lokal na pamamaraan ng pagpapatupad, kabilang na ang nominasyon ng LDO.

## B. Chancellor

1. Ang Chancellor ang may pananagutan sa pagpapatupad ng patakaran sa lokal na lebel. Ang mga awtoridad at responsibilidad na itinalaga sa Chancellor ay ipinapalagay din sa Lawrence Berkeley National Laboratory Director, Systemwide LDO at sa Vice President—Agriculture and Natural Resources sa kanilang mga kani-kaniyang hurisdiksyon.
2. Ang Chancellor ay magtatalaga (ng may pahintulot ng Systemwide LDO) ng lokal na LDO na siyang magpapatupad ng patakaran na ito. Ang indibidwal na ito ang maumuno sa Investigations Workgroup na itinatag sa ilalim ng Seksyon III.2.B. sa itaas. Ang LDO ay dapat na nasa antas ng Associate Vice Chancellor o mas mataas.
3. Ang Chancellor ay magtatalaga ng permanenteng mga miyembro ng Investigations Workgroup. Ang LDO ay maaaring magtakda ng karagdagang regular na miyembro kung kinakailangan upang talakayin ang mga partikular na isyu.

## C. Locally Designated Official (LDO)

1. Ang LDO ang may pananagutan na itatag at panatilihin ang lokal na patakaran ng pagpapatupad na sumusunod sa patakarang ito at sa mga kaugnay na administratibong tagubilin. Sa ilang pagkakataon, ang lokal na patakaran ng pagpapatupad ay maaaring isaalang-alang ang ganitong mga hangganan ng pag-uulat upang maging mas mahigpit kaysa sa patakarang ito, sublait hindi dila maaaring maging mas maluwag.
2. Ang LDO ang nangangasiwa sa pagtatag ng mekanismo upang masiguro ang pagsunod sa mga kinakailangan sa pag-uulat sa patakarang ito. Pangunahin sa mga ito ang mga lokal na paraan upang masiguro na ang mga ulat ng mga alegasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan- na maaaring pasalita at/o impormal na sinabi sa ilang mga nangangasiwa at akademiko at kawaning nagtatrabaho sa mga supervisor na posisyon- ay atensyunan ng LDO o minyembro ng Investigations Workgroup.
3. Ang LDO ang may pananagutan sa pagtukoy sa pangangailangan ng konsultasyon sa Investigations Workgroup, piling mga miyembro ng Workgroup o iba pang mga eksperto sa paksang usapin kapag nagsisimula ng imbestigasyon. Titipunin ng LDO ang Workgroup ng ayon sa schedule at sa mga tanging batayan kung kinakailangan upang tumulong sa agarang pagtalakay sa mga alegasyon, at papanatilihin ang Workgroup at DOI na may alam sa pagsulong at katayuan ng imbestigasyon, kung angkop. Ang mga pamamaraan na nagpapatnubay sa paninimula ng imbestigasyon ay hindi dapat makahadlang sa agarang pagkilo ng LDO o mga imbestigador kung kinakailangan.

## D. Mga Responsibilidad sa Pag-iimbestiga

1. Ang LDO, sa tulong ng Investigations Work Group ay may responsibilidad na siguruhin na ang malaya at walang kinikilingan at may kakayahang mapagkukunan ng pag-iimbestiga ay magagamit upang magsagawa ng imbestigasyon ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan. Sa pagtatalaga ng posisyon ng punong imbestigador, dapat na isaalang-alang ng LDO ang ispesipikong kadalbhasaan at pagkakaroon ng dedikadong mapagkukunan ng imbestigasyon na mayroon ang mga may tungkulin na unit gaya ng Compliance, Internal Audit, Human Resources, at iba pa. Kung matuklasan na may criminal na gawain, malalaman sa pakikipagkonsultasyon sa UC Police kung dapat itong pamunuan, lahukan, o pangunahan ng hiwalay na imbestigasyon ng pulis.
2. Ang UC Police ang responsable sa mga imbestigasyon ng mga nakilala o pinaghihinalaang gawaing kriminal sa loob ng kanilang hurisdiksyon. Sa mga kasong krimen ang pangunahing alalahanin, ang UC Police ang dapat na manguna sa imbestigasyon at ang iba na may interes sa pag-iimbestiga ay dapat na makipagtulungan ng sumusuporta sa imbestigasyon ng pulis.
3. Ang mga pamamaraan ng pag-iimbestiga ng mga isyu ng kawaniha, pagkakamaling siyentipiko, hindi pagsunod sa regulasyon, pagkakamali ng estudyante at iba pang mga isyu ay lokal na itinatatag ng bawat campus, ng Lawrence Berkeley National Laboratory, ng Office of the President o ng Division of Agriculture and Natural Resources. Ang ganitong mga pamamaraan ay alinsunod sa mga patakaran at nauukol na mga batas at regulasyon.
4. Sa mga kasong nagpapatong ang interest ng mga nag-iimbestigang grupo, ang pagtutulungan at kooperasyon ay ibibigay sa mga imbestigador batay sa kanilang kaugnay na kadalubhasaan ng grupong nag-iimbestiga.

## E. Mga Tagapag-sumbong

1. Magbibigay ang mga tagapagsumbong ng paunang mga impormasyon kaugnay sa makatwirang paniniwala na may naganap na hindi tamang mga gawain sa pamahalaan. Ang layunin ng tagapag-sumbong ay di alintana sa pagsasaalang-alang ng katotohanan ng mga alegasyon. Subalit, ang sinasadyang pagsusumite ng maling ulat, kahit pasalita o kung nakasulat ito ay kinukunsiderang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan kung saan ang University ay may karapatang aksyunan.
2. Ang mga tagapag-sumbong ay dapat na iwasan ang pagkuha ng ebidensiya kung saan wala silang karapatang iakses. Ang mga hindi tamang pag-akses na ito ay maaaring ikunsidera na hindi tamang mga gawain sa pamahalaan.
3. Ang mga tagapag-sumbong ay may responsibilidad na maging matapat sa LDO, imbestigador at iba pa kung saan sila ay gumagawa ng ulat ng di-umano’y hindi tamang mga gawain sa pamahalaan at ipapaalam ang lahat

ng nalalaman na impormasyon tungkol sa anumang napaulat na alegasyon. Ang mga taong gumagawa ng ulat ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan ay dapat na maging handa na kapanayamin ng mga imbestogador ng Unibersidad.

4. Ang mga anonimong tagapag-sumbong ay dapat na magbigay ng sapat na patunay na ebidensiya upang mabigyang-katwiran ang pagsisimula ng imbestigasyon. Ang imbestigasyon ng hindi tukoy na maling gawain o malawak na alegasyon ay hindi isasagawa nang walang mapapatunayang ebidensiya na sumusuporta. Dahil hindi makakapanayam ng mga imbestigador ang mga anonimong tagapagsumbong, maaaring mas mahirap suriin ang kredibilidad ng alegasyon at dahil dito, mas malamang na hindi ito magsimula ng isang imbestigasyon.
5. Ang mga tagapag-sumbong ay mga “partidong nag-uulat’, hindi mga imbestigador. Hindi sila dapat kumilos ng sila lang sa pagsasagawa ng anumang mga gawaing pag-iimbestiga, wala rin silang karapatang makilahok sa anumang gawaing pag-iimbestiga maliban sa mga hiniling ng imbestigador.
6. Ang pagprotekta sa pagkakakilanlan ng tagapag-sumbong ay papanatilihin hangga’t makakaya ayon sa lehitimong pangangailangan ng batas at imbestigasyon. Kung ibunyag ng tagapag-sumbong ang kanyang pagkakakilanlan, ang University ay hindi na obligadong panatilihin ang pagkakumpidensyal na ito.
7. Ang karapatan ng tagapag-sumbong na proteksyon mula sa paghihiganti ay hindi nagbibigay ng kalayaan mula sa anumang pakikipagsabwatan sa isyu na sakop ng alegasyon o ng kasunod na imbestigasyon.
8. Ang tagapag-sumbong ay may karapatang malaman ang disposisyon ng kanilang pagsisiwalat basta’t mangingibabaw ang mga legal at pampublikong interest na mga dahilan.

## F. Mga Kalahok sa Imbestigasyon

1. Mga empleyado ng University na nakapanayam, hiniling na magbigay ng impormasyon, o kaya ay nakilahok sa imbestigasyon ay may tungkulin na ganap na makipagtulungan sa mga awtorisado ng University na imbestigador.
2. Ang mga kalahok ay dapat na iwasang talakayin o isiwalat ang imbestigasyon o kanilang testimonya sa kaninuman na hindi konektado sa imbestigasyon. Hindi kailanman dapat na talakayin ng kalahok sa paksa ng imbestigasyon ang uri ng ebidensiya na hiniling o ibinigay o testimonyang ibinigay sa imbestigador maliban kung sumang-ayon ang imbestigador.
3. Ang mga kahilingan sa pagiging kumpidensyal ng mga kalahok ay papanatilihin hangga’t makakaya ayon sa lehitimong pangangailangan ng batas at imbestigasyon.
4. Ang mga kalahok ay may karapatan sa proteksyon mula sa paghihiganti para sa pakikilahok sa isang imbestigasyon.

## G. Mga Paksa ng Imbestigasyon

1. Ang paksa ay isang tao na siyang tuon ng pag-iimbestiga para sa katotohanan sahil sa alegasyon o ebidensyang nakalap habang nag-iimbestiga. Ang desisyon na magsagawa ng imbestigasyon ay hinid akusasyon; tinatrato ito bilang isang walang kinikilingang proseso ng paghahanap ng katotohanan. Ang kalalabasan ng imbestigasyon ay maaaring sumuporta o hindi sa konklusyon ng kung may nagawa bang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan, at kung meron, sino ang gumawa.
2. Ang pagkakakilanlan ng paksa ay dapat na panatilihin hangga't makakaya ayon sa lehitimong pangangailangan ng batas at imbestigasyon.
3. Ang mga paksa ay dapat na ganap na napagbigay-alaman ng mga alegasyon sa simula pa lang ng pormal na imbestigasyon at magkaroon ng pagkakataon na magbigay ng input habang nag-iimbestiga.
4. Ang mga paksa ay may tungkulin na makipagtulungan sa imbestigasyon sa abot na ang kanilang kooperasyon ay hindi magkokompromiso sa proteksyon ng pagdadawit sa sarili sa ilalim ng batas ng estado at pederal.
5. Ang mga paksa ay may karapatan na kumunsulta sa tao o mga taong kanilang napili. Maaari kasama rito ang pagkatawan, pati na ang legal na pagkatawan.
6. Ang mga paksa ay maaaring kumusulta sa Office of the General Counsel (kasama na ang tagapayo ng campus at pambansang Laboratory) tungkol sa imbestigasyon. Ang Office of the Genera Counsel ay magbibigay ng legal na payo sa paksa tungkol sa mga isyu sa imbestigasyon, maliban na lamang kung mapag-alaman ng Office of the General Counsel na ang pagkakaiba ng interes ay pipigilan ito, na batid na sa lahat ng pagkakataon ang Office of the General Counsel ay kumakatawan sa interes ng University. Kung ang legal na mga serbisyo ay ibinibigay ng Office of the General Counsel sa paksa, ang pribiliheyo ng abogado-kliyente ay hindi magagamit ng paksa upang pigilan ang pagsisiwalat sa University ng impormasyon na nakuha ng abogado sa pagbibigay ng serbisyo, at ang paksa ay papayuhan sa tuwing may pagkakaiba ng interes na ang abogado ay maaaring hilingin na bawiin ang pagbibigay ng mga legal na serbisyo sa paksa.
7. Ang paksa ay malaya anumang oras na kumuha ng sarili nilang abogado na kakatawan sa kanila sa imbestigasyon at maaaring hilingin sa University na bayaran o ibalik ang ibinayad na bayad sa abogado. Ang mga Chancellor ay magtatalaga ng isang tao na tumanggap ng mga kahilingan sa pagbabalik bayad. Ang ganitong mga kahilingan ay isasaalang-alang na alinsunod sa legal na batas, batas ng kaso at gawain ng University, subalit ang patakaran na ito ay hindi nagbibigay ng ganitong mga karapatan ng pagbabayad o pagbabalik-bayad.

8. Ang mga paksa ay may pananagutan na huwag humadlang sa imbestigasyon at sumunod sa mga paalala ng mga imbestigador tungkol dito. Ang ebidesiya ay hindi dapat ibinbin, sirain o baguhin, at mga saksi ay hindi dapat impluwensiyahan, turuan, o takutin.

9. Maliban na lamang kung mayroong nag-uudyok na dahilan na taliwas, ang mga paksa ay dapat na bigyan ng pagkakataon na tumugon sa mga pateryal na puntos ng ebidensiya na nilalamang ng ulat ng imbestigasyon.
10. Walang alegasyon ng maling gawa laban sa paksa ang ikukunsidera na kumpirmado maliban na lamang kung sa pinakamababa, ang pananaig ng ebidensya na sumusuporta sa alegasyon.

Ang mga paksa ay may karapatang malaman ang kinalabasan ng imbestigasyon. Kung ang alegasyon ay hindi napatunayan, ang paksa ay dapat na kunsultahin, kung ang pagsisiwalat sa publiko ng resulta ng imbestigasyon ay nasa pinakamabuting interes ng University at paksa.

Anumang pagdidisiplina at pagtatamang aksyon na sinimulan laban sa paksa bilang resulta ng imbestigasyon alinsunod sa patakarang ito ay dapat na umayon sa nauukol sa asal ng akademikong tauhan o kawani at pamamaraang pagdisiplina.

## H. Mga Imbestigador

1. Ang mga imbestigador ay mga taong awtorisado ng University na magsagawa ng paghahanap ng katotohanan at mag-analisa ng mga kaugnay na kaso ng hinihinalang hindi tamang mga gawain sa pamahalaan.
2. Kinukuha ng mga imbestigador ang kanilang awtoridad at karapatang mag-akses mula sa patakaran ng Unibersidad o awtoridad na Regental kapag kumikilos skahaaan ng at saklaw ng kanilang mga responsibilidad.
3. Ang University, ang mga kalahok sa imbestigasyon at mga paksa ay dapat na malamang na ang mga imbestigador ay may kakayahang sa larangan na kanilang iniimbestigahan. Ang mga teknikal at ibang mga mapagkukunan ay maaaring kuhanan kung kinakailangan upang tumulong sa imbestigasyon.
4. Lahat ng imbestigador ay dapat na indipendyente at walang kinikilingan sa katotohanan at sa panlabas na katayuan.
5. Ang mga imbestigador ay may tungkulin ng katarungan, walang kinikilingan, pagkamasusi, etikal na asal, at pagsunod sa legal at propesyunal na mga pamantayan.
6. Ang mga imbestigasyon ay dapat na simulant lamang matapos ang paunang mga konsiderasyon na magtatatag na:
    a. Ang alegasyon, kung totoo, ay bumubuo ng hindi tamang mga gawain sa pamahalaan,[1] at maaaring:
    b. Ang alegasyon ay may kasamang impormasyon na sapat na ispesipiko upang imbestigahan, o
    c. Ang alegasyon ay may o direktong nagtuturo sa pagpapatunay ng ebidensiya na maaaring ipagpatuloy. Ang ganitong mga ebidensiya

ay maaaring ihabilin o idokumento.

---

[1]Ang mga isyu na hindi natugunan ng pamantayan na ito ay maaaring pag-aralan ng pangasiwaan, subalit hindi dapat na ituring na isang imbestigasyon ng hindi tamang mga gawain sa pamahalaan.

## V. MGA PAMAMARAAN

Hindi angkop.

## VI. KAUGNAY NA IMPORMASYON

**Karagdagang Kinakailangang mga Pakikipag-ugnayan**

A. Kung If an investigation leads University officials to conclude that a crime has probably been committed, the results of the investigation shall be reported to the District Attorney or other appropriate law enforcement agency. The UC Police should be the conduit for communications with law enforcement agencies unless the Investigations Workgroup in a particular situation determines a different communications strategy.

B. If an investigation leads University officials to conclude that a faculty member has engaged in conduct that may be a violation of the Faculty Code of Conduct, the results of the investigation shall be reported to appropriate academic personnel governing bodies in accordance with the applicable procedures for faculty conduct and the administration of discipline. Any charges of faculty misconduct brought as a result of an investigation under this policy shall comply with established faculty conduct procedures.

C. Consultation with the Office of the General Counsel is required before negotiating or entering into any restitution agreement resulting from the findings of an investigation.

## VII. MGA KADALASANG TANONG

Hindi angkop.

## VIII. KASAYSAYAN NG PAGBABAGO

Mayo 13, 2013 – Nireformat sa pamantayang template ng patakaran ng University of California**.**

Enero 1, 2012 - Binago